


**Abstract:**
The home is considered a sanctuary. A safe haven and refuge, yet it can also be an unforgiving prison. A decaying hellhole, especially this time of a pandemic.

**Keywords**
Alter account, religion, pagkabulok (decay), samyo (fragrance), servitude

**English title**
Service

# SERBIS

**GABRIEL MARI OBLEFIAS**

"DIYOS KO PO patawarin! Masunog sana ang kaluluwa nila sa impiyerno!"

Nagngangalit si Aling Myrna sa harap ng telebisyon sa sala habang pinapanood ang masalimuot na balita tungkol sa pagpugot sa ulo ng imahen nina San Padre Pio at ng Our Lady of Salvation sa isang Parokya sa Rawis, Legazpi City. Hindi nakatutulong sa pagpapalamig sa kanyang kumukulong dugo, buryo, at pag-aalboroto ang maalinsangang init ng tanghali. Panay ang punas n'ya sa tumatagaktak na butil ng pawis sa noo. Kasabay na isinusumpa ang mahinang hanging ibinubuga ng maliit na electric fan. Kulang na lang ay malusaw ang ginang sa nakapapasong pagkasuklam at inis dulot ng nasaksihang pambababoy sa mga poon ng di pa natutukoy na mga kawatan. Bukod sa ulo, hindi rin nakalusot ang kamay ng mapaghimalang San Padre Pio na siyang pinutol at dinurog.

Walang pinatawad na Santo ang mga salarin. Pigil ang hikbi at halos mangilid-ngilid na ang luha ng padre ng parokya sa kausap nitong reporter habang ipinapakita sa camera ang ilan pang nawasak at basag

na katawang bato ng mga Santo kabilang na rin ang banal na birheng Maria at mga kerubin sa bukana ng nasabing simbahan.

"Walang takot sa Diyos ang mga salot! Kaya tayo napaparusahan ng ganito!" panay ang iling ng ginang habang patuloy pa ring ibinubulyaw ang kanyang sama ng loob sa manhid na telebisyon. Nang matapos ang ulat ay itinuon n'ya ang kanyang atensiyon sa pag-aadorno sa karo ni Santa Marta ng Betanya ng mga bulaklak na gerbera, carnation, at tulip.

"Masyadong maraming makasalanan dito! Kaya patuloy pa rin dumadami ang kaso nitong lintek na COVID na 'to!" kahol ni Aling Myrna sa hangin.

Mula sa siwang ng pintuan ng kanyang kuwarto, nakasilip si Kaye sa nanggagalaiti n'yang nanay. Minamatyagang maiigi ang bawat kilos at galaw nito. Kung paano ang maalaga at masinop na paraan nito ng paghahalo sa magkakaibang kulay ng mga bulaklak na kanyang tineternong maigi upang mas lumitaw ang magkakahalong kulay ng lila, kalimbahin, at puti sa paanan ng poon. Nang sa wakas ay humupa na ang init ng ulo ni Aling Myrna at nagsimula na itong humuni ng isang pamilyar na himig simbahan ay marahang isinara ni Kaye ang pintuan. Idiniin niya ang kanyang tainga sa pinto upang muling makasiguro na abala na ang kanyang ina sa gawain nito. Nang makatiyak na buong atensiyon na ang kanyang ina sa kanyang ritwal ay saka niya marahang ikinandado ang sliding lock at bumalik sa kanyang kama para humiga. Sa ilalim ng mga unan ay kinuha n'ya ang kanyang cellphone. Bumati sa kanya ang ilang notification mula sa kanyang social media accounts. Isa-isa n'yang tiningnan ang bagong follower requests sa Twitter. Marami sa mga ito ay itlog ang display photo, nangangahulugang mga dummy account ang mga ito o di kaya'y bago. Gayunman, inaprubahan n'ya ang mga ito at saka binasa ang ilang DM o direct messages ng mga ito sa kanyang inbox.

"Lodicakes wala bang libre na bago?"

"Ganda ng utong mo! Sarap higupin!"

"Sobrang pink. Sobrang basa. Tara kainin ko yan"

"Tanginang bibig yan. Kung ako jowa mo laplap kagat kita"

"Collab tau love. DM mo lang ko"

Matapos magbasa ay tiningnan ni Kaye ang kanyang profile. Tatlong linggo na pala mula nang huli siyang nag-post sa kanyang alter account na may profile name na "chinitaheat_28" na may display photo n'ya na nakasapo ang kamay sa suso. Sadyang naka-crop ang kanyang mukha

sa larawan upang hindi s'ya mamukhaan nino man. Bibihira na mag-post si Kaye sa Twitter lalo na't madugas at makunat ang karamihan sa followers. Paano 'yung huling bidyo n'ya na dinudukit ang kanyang hiyas eh may nag-download at ipinost sa isang porn website nang walang pahintulot. Tiyak siya na s'ya ang nasa bidyo dahil hagip sa background ang pirmadong poster n'ya ng BTS na inorder pa n'ya mula South Korea.

Wala namang nakikitang masama si Kaye sa pagpo-post ng kanyang hubad na katawan online. Wala namang face reveal. Kaunting blur effect lang sa mukha para makasigurong pribado pa rin ang kanyang personal na buhay. Saka pansamantala lang naman ito sa ngayon. Dagdag kita lang habang may pandemya. Nasisante kasi siya sa private school na kanyang pinagtuturuan bilang substitute teacher ng halos apat na taon. Sa ngayon, ESL muna ang kanyang raket, pero hindi pa rin sapat ang kakarampot na dose mil na kita kada buwan na kanya pang hinahati para sa gastusin nila ng kanyang nanay. Part-time lang kasi ang hinahanap ngayon, kesa naman wala. Pinatulan na rin n'ya habang araw-araw din ang pagpapadala n'ya ng resume online.

Hindi naman siya malibog. At lalong hindi naman s'ya hayok sa laman. Trabaho lang. Walang personal. Itinataon lang n'ya sa init ng kanyang katawan ang pagbibidyo at pagkuha ng litrato habang nilalaro n'ya ang kanyang sarili. Nakaraos na siya, kumita pa siya. Saka kampante naman siya sa kanyang sariling katawan. Puhunan n'ya ito, at s'ya lang ang may karapatan sa kung ano ang gusto n'yang gawin dito.

May kani-kanyang presyuhan ang bawat alter sa serbisyong ibinibigay online ng mga may alter account. Marami sa kanila, katuwaan lang ang pag-post. 'Yung iba eh naghahanap lang ng makakapiling. Pero mas marami rin ang ginawa itong sideline. At isa na rito si Kaye. Kung sensuwal na bidyo at larawan lang ang hanap, limandaang piso ang kanyang singil. Ang "premium A" package naman n'ya ay nagkakahalaga ng dalawanlibong piso. May kasama pa itong libreng VC o voice chat na tumatagal ng dalawang linggo. Kung unli-VC naman, limanlibong piso. Kasama na riyan ang ekslusib na bidyo na puwedeng personal na i-request ng kliyente.

Kung siya ang papipiliin, gusto ni Kaye na maging pihikan talaga sa mga kustomer. Problema kasi sa Pinoy, gusto laging libre. Andaming hiling. Panay tanong, hindi naman handang gumastos at magbayad. Kaya naman gusto na n'yang tigilan ang Twitter at mas pagtuunan ng pansin ang kanyang account sa OnlyFans.com. Mabuti du'n kasi

malinaw ang terms of service. Black and white ang lahat. Buwan-buwan ang membership fee na maaari lang ma-avail kung may credit card ang kustomer. Pero para sa isang baguhan at pipitsuging "content service provider" gaya n'ya, mahirap makipagsabayan sa mga popular na banyagang personalidad sa site na ito, gaya ni Belle Delphine o Mia Khalifa na kumikita ng halos pitong milyong US dollars kada buwan. Gustuhin man n'yang umarangkada ang kanyang bagong account, tila hirap s'yang mahuli ang panlasa at atensiyon ng mas malaking fanbase. Kakailanganin n'ya ng kakaibang gimik. Si Belle, nagko-cosplay. Si Mia, matagal nang sikat na porn star bago pa man ito gumawa ng OF account. Ano naman ang laban n'ya sa mga ito?

Napabuntonghininga na lang si Kaye nang makitang bokya pa rin ang followers sa kanyang OF account.

"Tiis-tiis na lang muna sa Twitter, kaysa nganga," bulong n'ya sa kanyang sarili.

Binuksan n'ya ang camera app sa kanyang cellphone na siyang naka-set na sa selfie. Pinagmasdang maigi ni Kaye ang hitsura niya sa screen. Singkit ang kanyang mga mata. Tuwid na tuwid ang hanggang balikat n'ya na buhok. Makintab ito at itim na itim ang kulay—"Raven-haired," 'ika nga n'ya sa kanyang bio. Makinis ang kanyang maputlang mukha, may tamang tangos ang tulay ng ilong, makanto ang kanyang panga, matambok ang labi na kanyang kinagat nang marahan para mas lalo pang mamula. Maraming nagsasabi na kahawig raw n'ya si Andrea Brillantes. Kaibahan lang eh parang sa pusa ang kanyang mata at manipis ang kanyang kilay.

Ngumiti si Kaye gamit ang kanyang signature "Mona Lisa" smile at saka kinunan ang kanyang litrato. Nang hindi makuntento sa kinalabasan nito ay sinubukan naman niyang may kasamang ngipin. Mas lalong pumangit sa paningin n'ya. Hindi talaga n'ya makuha nang tama ang pagngiti nang may ngipin. Hindi kaakit-akit. Masyadong mabait sa paningin. O mukha rin s'yang matsing. Bungisngis. Labas na labas ang gilagid. Napangiwi na lang si Kaye sa pagkadismaya sa sariling mukha.

Muling nag-ring ang kanyang cellphone. Isang fund transfer notification sa kanyang GCash na limandaang piso na padala, galing sa isang Michael T. May kasama itong mensahe na "para sa new video, handle ko ay philippinesaddict."

Ang kanina'y dismayadong mukha sa wakas ay napalitan ng ngisi. Bumangon si Kaye sa pagkakahiga at nagtungo sa harap ng kanyang

plastic na aparador. Binuksan ito at kinuha sa pinakailalim na drawer ang obyus na itinagong plastic bag na nakasuksok sa sulok at tinambakan ng mga damit. Inilabas n'ya ang bagong bra at panty na sumisigaw sa tingkad ang kahel na kulay. Isinuot ito ni Kaye at tiningnan ang kanyang katawan sa salamin. May hubog pa rin naman at sexy sa kanyang pamantayan pero nadagdagan ng kaunting timbang at taba lalo na sa may tagiliran. Pumustura si Kaye na parang modelo. Itinaas muna ang nakalugay na buhok. Sunod ay inihawak ang kanang kamay sa baywang at humingang malalim para maipit ang kanyang nakausling tiyan. Pinakinggan n'ya muna ang paligid nang maiigi. Tinantsa ang lagay ng ina sa labas ng silid. Rinig pa rin n'ya ang mahinang huni ni Aling Myrna at ang paminsan-minsang pakikipag-usap nito sa poon ni Santa Marta. *Ayos*. Puwede pa s'yang magbidyo. Dagling isinet ni Kaye ang kanyang cellphone sa tukador. Itinungkod ito sa libro na nagsilbing tripod. Inayos ang framing, pinindot ang record button at saka muling bumalik sa kama. Magsisimula na sana s'ya nang bigla s'yang napatingin sa nakasabit na krus sa dingding. Tumayo si Kaye at saka tinakpan ng bimpo ang krus. Natawa na lang si Kaye sa kanyang ginawa. Bakit pa kinailangang takpan eh kung nakikita at napapanood din naman siya ni Kristo mula sa langit. Omniscient nga pala ang Diyos.

"Patawad po, Lord. Kailangan lang mabuhay".

Itinuloy ni Kaye ang naantalang trabaho. Dahan-dahan n'yang pinapadaplis ang kanyang mga palad sa kanyang madulas at mala-porselanang balat. Mapang-akit ang bawat kilos. Tila nilalandi ang kamera sa kanyang harapan. Matapos ang paghimas sa sarili ay kanyang tinanggal sa pagkaka-lock ang kahel na bra. Sinapo ang kanyang suso at saka pinisil ang mga ito. Bumulong ng mapanuksong "Hey, daddy. You want me?"

Sunod ay ipinasok n'ya ang kanyang hintuturo at hinlalato sa bibig at saka ito sinipsip. Umarteng sarap na sarap sa bawat pagsupsop. Sinamahan n'ya ito ng mapang-akit na ungol. Nang tuluyang nang mabasa sa laway ang mga daliri, kanya itong pinagapang mula dibdib, puson, hanggang sa pinasok nito ang loob ng natitira n'yang saplot na kulay kahel na panty, patungo sa hiyas na kanyang marahang minasahe.

"Basang-basa na ako, matigas ka na ba?"

Kasabay ng kanyang pagsasariling sikap sa pagpaparaos ay ang pagpasok sa kanyang silid ng samyo at halimuyak ng iba't ibang bulaklak mula sa karo ni Santa Marta, na tapat pa rin na pinaglilingkuran ng

kanyang ina sa sala. Ipinikit ni Kaye ang kanyang mga mata, matindi ang konsentrasyon sa pagdudukit habang iniimadyin ang mukha nina Suga at Jungkook, ang mga paborito n'yang oppa ng BTS. Pabilis nang pabilis ang pagpasok-labas ng kanyang daliri at pagmasahe sa tinggil, matimpi at pabulong na ini-uungol ang pangalan ng mga crush na K-pop idol. Hanggang sa dumaloy sa kanyang buong katawan ang pinaghalong kuryente at kilig. Hanggang sa nilamon siya ng hindi maipaliwanag na kaginhawaan at sarap.

Linggo-linggong pinapalamutian ni Aling Myrna ang poon na ipinagkatiwala sa kanya ni Mrs. Saguinsin, na siyang punong mother butler ng kanilang parokya sa Sacred Heart Parish sa Tayuman, Binangonan, Rizal. Mahigpit ang bilin ni Mrs. Saguinsin na dapat mapanatiling maganda at maayos ang kalagayan ni Santa Marta at hindi dapat mapabayaan habang nasa Canada s'ya at ang kanyang pamilya. Doon muna mananatili ang pamilya Saguinsin hangga't wala pang kasiguraduhan kung kailan matatapos ang pandemya. Hangga't walang kaayusan sa Pilipinas. Buti pa ang mag-anak na ito, naisip ni Kaye, may kakayahang umalis at bumalik ng bansa kung kailan nila gustuhin. Samantalang sila, mukhang dito na sa Pilipinas mabubulok at mamamatay. Naghihintay sa wala habang patuloy pa rin sa pagtaas ang bilang ng kaso ng may COVID-19 na lalo pang lumalala sa pagpasok ng bagong mga strain nito. 'Yung bakuna? Wala pang balita kailan maaaring maturukan. Mukhang Sinovac na lang ang aasahan kahit na hindi raw mabisa. Bahala na kung kailan. Bahala na kung anong mangyari. Bahala na si Duterte at ang kanyang mga kampon. Maliit na bagay lang ang COVID, sabi ni Digong. Hinding-hindi ko kayo iiwanan.

"Please lang po. Umalis ka na," sigaw ni Kaye sa harap ng cellphone n'ya nang mapanood ang talumpati ng Pangulo noong nakaraang araw.

Hindi kailanman ikinatuwa ni Kaye ang samyo at halimuyak ng mga bulaklak sa kanilang tahanan. Anumang bango nito ay hindi nito kayang takpan ang kaawa-awang kalagayan ng kanilang tirahan. Para na nga silang mga sardinas na nagsisiksikan sa iisang lata ng kanyang ina at amain sa kakarampot na espasyo, heto pa ngayon at mag-iisang taon nang nakikitira nang libre si Santa Marta. Ang katawan nito na yari sa garing na sinasaplutan ng engrandeng kulay rosas na gown ay ang natatanging kabigha-bighani sa kanilang tahanan. Buti pa nga ito at linggo-linggong naaalagaan at napagbibigyan ang wisyong magpaganda at magpabango. Samantalang ang bahay nila, maglilimang

taon nang hindi pa rin matapos-tapos ang finishing. Ang coco lumber na pundasyon ng kanilang bubungan ay muli na namang pinuputakte ng anay. Panay bukbok na. Kaunting tapik lang ay maaari na itong maputol. Ang yero nilang bubungan, panay butas na at kinakalawang. Walang kabuhay-buhay din ang mga pader na nanatili pa ring nakabuyangyang ang pundasyon na hollow blocks. Ni hindi man lang matapalan. Mabuti nga sa ngayon at magsisimula pa lang muli ang tag-init. Puwede pang pagtiyagaan ang singaw ng tuyong semento at nabubulok na kahoy, pero oras na dumating muli ang tag-ulan ay titiisin na naman ni Kaye ang nakaduduwal na pinaghalong amoy ng kalawang, basang kahoy, semento, at burak. Isang bagyo lang eh baka gumuho na ang bahay.

Kung hindi lang s'ya pinangakuan ni Mrs. Saguinsin na matutulungang makapag-ibang-bansa ay malamang matagal na n'yang inaway ang ina kung bakit inaalagaan nila ang poon nang libre. Oo, pinapadalhan nga si Aling Myrna ng isanlibong piso kada linggo para sa gastusin para sa pag-aalaga kay Santa Marta, pero ang perang ito ay nakalaan lamang para rito. Ang kakarampot na sukli, kung meron man, ay kanila na lang ipinandadagdag sa kanilang gastusin sa bahay. Minsan hanggang sa de-lata lang at ilang pirasong itlog at gulay ang kanilang nabibili. Buti may pinagkakakitaan pa si Kaye kahit paano. Kung wala, eh malamang kinain na sila ng sarili nilang mga sikmura.

Noong unang mga buwan ng lockdown ay regular pa silang nakatatanggap ng pera. Halos madurog ang puso ni Aling Myrna nang ipinagbawal ng gobyerno ang anumang mass gathering dahil sa COVID-19. Kabilang na rito ang selebrasyon ng Semana Santa at ang taunang prusisyon para sa pagkamatay at salubong sa pagkabuhay ni Kristo. Parang pinagsakluban ng langit ang debotong si Aling Myrna. Ang tanging nagpapagaan na lang ng kalooban ng ale ay ang pag-aalaga nito sa birhen. Lalo pa itong nagalak nang napahintulutan na ang paglabas sa tahanan gawa ng pagluwag sa mga alituntunin dala ng GCQ o general community quarantine. Kahit paano eh mas magagampanan n'ya ang inatasang tungkulin at makapamili ng sariwang bulaklak. Hanggang sa naging kada dalawang buwan ang pagitan ng pagpapadala, hanggang naglaon ay wala nang dumarating na kuwarta. Abonado na si Aling Myrna, at dahil wala naman itong pinagkakakitaan maliban sa kakarampot na kita mula sa kanilang pa-autoload at binebentang ice tubig at ice kendi, eh si Kaye na rin ang sumasalo ng gastusin para sa napakasuwerteng boarder nilang Santa. Nangako naman si Mrs. Saguinsin na babayaran

n'ya ang lahat ng naabono, basta't mayroong mapapakitang resibo. Bagay na hindi kailanman nagawa ni Aling Myrna. Tahimik na lang inako ni Kaye ang pasanin ng ina. Mapasaya lang ito.

Kung saan man humuhugot ng pananampalataya ang kanyang ina ay hindi pa rin maintindihan ni Kaye. Ilang beses na n'yang pinagsabihan ang ina na huwag nang dumayo pa sa Dangwa sa Maynila para lang mamili ng mga palamuting bulaklak. Sa edad nitong animnapu't apat eh tiyak na madali itong matataaman ng COVID-19. Pero matigas ang ulo ng ina at idinadahilan na siya ang napag-utusan ni Mrs. Saguinsin. At kailangan n'yang pangatawanan ang kanilang kasunduan. Siya raw kasi ang napupusuan ng kumare na papalit sa kanyang posisyon sa parokya. Ngunit nang ibang pangalan ang ibinulong ni Mrs. Saguisin kay padre, walang imik ang ina na tinanggap ang pangakong napako. Panandalian lang din daw ito, ani Mrs. Saguinsin, at pagbalik na pagbalik daw n'ya ay iaanunsiyo na n'ya na si Aling Myrna ang magiging bagong mother butler. Siyempre, abot-tainga ang ngiti ng ina ni Kaye. Panay ang pasasalamat sa kumare. Kaya naman tuloy pa rin s'ya sa pagseserbisyo at pag-aalaga kay Santa Marta. May balik din daw na biyaya ito. Kailangan lang manalig at magtiis. Magagantimpalaan daw ang kanyang pagseserbisyo.

"May awa ang Panginoon," sambit sa kanya palagi ni Aling Myrna.

Serbis. Banas na banas si Kaye sa salitang ito lalo nang malaman n'ya ang istorya ni Santa Marta, at ang kahulugan nito sa kanilang kasalukuyang estado at buhay nila ng kanyang ina. Bilang guro, likas kay Kaye ang pagiging matanungin. Kaya naman inalam n'ya ang buhay ni Santa Marta. Sa kanyang pagsasaliksik, nalaman n'ya na patron ng mga maybahay at serbidor. "Marta served," sabi sa Bibliya. At mukhang habang-buhay na lang maninilbihan ang kanyang ina para sa ibang mga tao. Hindi kailanman magagawang unahin ang sarili sa takot na mapahiya o mawala sa pabor ng kanyang kumareng si Mrs. Saguinsin at mga kasamahan sa simbahan.

Nabulabog ang katahimikan ng silid ni Kaye nang makarinig ng pagkalampag mula sa kanilang sala. Mabilis siyang nagsuot ng T-shirt at shorts, nagwisik ng alcohol sa kanyang mga kamay, at saka nagtungo sa pintuan para silipin ang komosyon sa labas. Mula sa siwang nakita n'ya ang amain na si Tiyo Enteng na naghuhuramentado sa tabing kusina. Sa likuran nito ang kinakapatid ni Kaye na si Ikel, nakapako ang mata sa kanyang cellphone. Rinig ang malakas na audio ng pinapanood n'yang bidyo sa YouTube. Nakayuko at parang naduwag na aso naman si Aling

Myrna na kanina lamang ay masayang humuhuni at tapat na naninilbihan kay Santa Marta.

"Bahaw na naman at torta! Kung anong ulam sa umaga, ayun din sa tanghali at hapunan!" duro ng amain sa malungkot at malamig na pagkain na nakahanda sa hapag.

Kulay tocino na naman ang mukha ng amain. Walang araw na lumipas na hindi ito nag-iinom at nagwawalwal sa bahay ng mga kumpadre nito sa compound. Isa pa itong buwisit sa buhay ni Kaye. Para na silang nasa Bibliya sa kanilang bahay. May Santa nang nakatira, mayroon pang Hudas. Parehong nabubuhay sa libre. Kaibahan lang ay 'yung Santa, tahimik at walang kibo. Itong amain ay panay ang talak at reklamo. Daig pa ang tilaok ng tandang sa umaga, wala ring binatbat ang mga ungol ng mga pusang nag-aaway o nagkakantutan sa bubungan gabi-gabi.

Dagdag palamunin para kay Kaye itong Tiyo Enteng n'ya. Umuuwi lang para makikain, matulog, at magpalaki ng bayag kakaupo. Kay laki-laking tao walang pakinabang. Paekstra-ekstra lang sa konstraksyon, o kaya kargador sa palengke. Ni kailanman ay hindi ito nag-ambag sa mga gastusin sa bahay. Nangakong tatapusin ang finishing sa kanilang tirahan. Isa na namang pangakong napako. Di na maintindihan ni Kaye kung bakit ba ang hilig magserbisyo ng kanyang ina sa mga taong inaabuso lang ang kanyang kabaitan.

"Di ba sinabi ko nang ipamalengke mo na lang 'yang kuwarta kaysa iwaldas mo sa hindot na Santa na 'yan!" nakatuon naman ang galit at nandudurong daliri ni Tiyo Enteng sa walang kibong birhen mula Betanya sa katabing sala.

Isasara na sana muli ni Kaye ang pinto nang magtagpo ang mga mata nila ni Aling Myrna. Napansin ito ni Tiyo Enteng kaya naman ibinaling nito ang kanyang bulyaw sa dalaga.

"Kaye! Pumarine ka nga! Pirmi kang nakakulong d'yan!"

Kahit labag sa kalooban ay iniwan ni Kaye ang seguridad ng kanyang silid. Nagtungo sa kusina at saka sinubukang magmano sa amain. Bagay na hindi nito pinaunlakan at pinalis ang nakasahod na palad ni Kaye palayo. Nanunuot ang amoy ng yosi mula sa mga daliri ng kanyang "ama-amahan."

"Bumili ka nga ng sopdrinks at ulam kina Kap! Pambihira kayo ng nanay mo! Kung ano-ano ang inaatupag n'yo! Mga hindot!"

Tiningnan ni Kaye nang diretso sa mata ang amain. Hinintay kung dudukot ba ito ng pera sa bulsa para sa iniuutos. Ayaw na ayaw tinitingnan

ni Kaye ang pagmumukha ng amain. Ang bako-bako nitong pisngi at mala-higanteng ilong na panay butas at uka din ang balat. Ang maitim nitong labi at gilagid.

*"Buhay pa eh inaagnas na ang Hudas na ito,"* sabi ng tinig sa ulo ni Kaye.

Walang pagkuha ng pera ang nangyari at sa halip ay nanlisik lang ang lubog na mga mata nito at saka dumahak. Idinura nito ang naipong laway at berdeng plema sa sahig at saka nagtungo sa sala at umupo sa monobloc na sofa. Ipinatong ang paa sa mesita at saka inilipat ang istasyon ng TV at nanood ng Tagalized na pelikula. Nagsindi ng sigarilyo at saka nagkakamot ng binti at tiyan. Ang kaninang halimuyak ng iba't ibang mga bulaklak sa kanilang tahanan ay tuluyan nang natabunan ng usok.

"Myrna! Magsaing ka nga! 'Yung ulam at Coke, Kaye! Hindot kayo!"

Hinawakan ni Aling Myrna ang kamay ng anak, mahinang pinisil ito, at saka nagtungo sa may kalan para magsaing. Umiling at napa-TSK na lang si Kaye sa nakatalikod na ina. Kinuha ang nakasabit na face mask at face shield sa dingding. Sumunod sa kanya sa paglabas ang kinakapatid na si Ikel.

"Samahan mo na rin ng long neck at Champion! Bilisan mo!" pahabol na utos ng amain kay Kaye.

Halos walang ipinagkaiba ang sitwasyon sa labas ng kanilang compound may COVID-19 man o lockdown na ipinatutupad. Nagkalat pa rin ang mga tao na abala sa kani-kanilang pang-araw-araw na gawain. Nakatambay ang ilang mga binatilyo sa may gutter, tutok na tutok sa paglalaro ng Mobile Legends. Walang maayos na distansiya at hindi maayos ang pagkakasuot ng face mask. Naroon din ang ilang mga ginang na naglalaba, nagsasampay, at nagtsitsikahan. Ang mga kainuman ni Tiyo Enteng, ayun at nakabalandra rin at walang pang pang-itaas. Tuloy sa toma at paglalaro ng pusoy. Pinauusukan ang isa't isa na para bang mga manok na pang-derby.

Nakabuntot lang kay Kaye si Ikel pero alam n'yang nakatuon ang tingin nito sa kanyang binti at puwet. Ayaw na ayaw n'yang nakakasalamuha ito. Walang imik. Masyadong malikot ang mga dilat na mata n'yang kagaya ng sa tuko. Nanlilisik ang bawat titig nito sa kanya na para bang tumatagos sa kanyang damit. Na para bang sabik na sabik siyang hinuhubaran. Ni hindi magawang tumingin nang diretso sa kanya. Laging panakaw ang sulyap sa kanyang suso at singit. Buti na lang hindi ito nakikipagsiksikan sa kanilang bahay, katropa naman ang pineperhuwisyo. Suspek din ni Kaye na si Ikel ang tirador ng mga

panty n'ya sa sampayan. Mahuli lang n'ya sa akto 'tong bugok na 'to ay makatitikim talaga 'to ng kaliwa't kanan.

Hindi pinagbilhan ng long neck si Kaye. Bawal na raw sabi ni Kap at magpapatupad na naman daw ng liquor ban mamayang hatinggabi. Isang taon na ang lumipas, lockdown at curfew pa rin ang solusyon ng gobyerno. Hanggang kailan ba sila magkukulong ng nanay n'ya sa bahay nila kasama 'yung Hudas n'yang amain? Habang lumilipas ang mga araw ay unti-unti nang nagiging bilangguan ang miserable nilang tirahan. Kailan ba sila makakalaya sa impiyernong ito?

"Pagsabihan mo 'yang si Enteng," sabi ni Kap. "Sa susunod eh ibabarangay na namin talaga 'yan kung susuwayin pa ang liquor ban. Kay init-init naghuhuramentado," dagdag pa n'ya.

"Ayos lang, Kap. Gusto n'yo kunin n'yo na ngayon pa lang 'yung hindot," diretsong banat ni Kaye. "Carrier na pala ng COVID 'yung tarat na 'yun," sundot pa n'ya.

Hindi sineryoso ni Kap ang hirit at sa halip ay dinedma lang ang sambit ni Kaye. Diretso lang ito sa pagsusupot sa plastic ng biniling kalderetang itik at balunbalunan. Isinilid ito sa paper bag kasama ng isang litro ng Coke, pati na rin ang dalawang kaha ng Champion. Sunod ipinakita ang QR code na naka-flash sa cellphone para sa transfer ng GCash.

Sa tabi ni Kaye ay tutok pa rin sa panonood ng bidyo sa kanyang cellphone si Ikel. Ni hindi man lang mag-alok na tumulong sa pagbubuhat ng mga pinamili ang hinayupak. Panay ang tunog ng notification ng kanyang FB messenger. Hagikhik nang hagikhik sa kung ano mang katarantaduhang pinag-uusapan nila ng tropa sa chat.

Sa pagkabanas ay sadyang ibinundol ni Kaye ang kanyang balikat kay Ikel. Nahulog ang cellphone nito sa aspalto. Malutong ang tunog ng plastic na kaha nito na halos mabiyak na sa pagbagsak. Dagling pinulot ng binata ang gadget n'ya at ipinunas ang nagasgasang screen nito sa kanyang puting sando.

Dumaplis ang tingin ni Kaye sa screen ng cellphone ni Ikel. Panandaliang huminto ang takbo ng kanyang mundo. Di s'ya maaaring magkamali. Ang nagsusumigaw na kulay kahel na bra at panty. Ang poster ng BTS sa dingding. Ang mapanukso n'yang boses. Ang sensuwal na ritwal bago ang serbisyo. Ayun ang kanyang hubad na katawan, nakakahon sa cellphone at buong-buong pinagpapasa-pasahan at pinagpi-piyestahan ng malilibog na mga mata ng kinakapatid at mga tropa nito sa kanilang GC.

Dagling kumaripas si Kaye pabalik sa kanyang bahay. Ibinagsak sa hapag kainan ang mga pinamili at agarang nagtungo sa kuwarto. Ikinandado ang pinto at isinandal ang likod dito. Sunod-sunod ang pagkatok ni Aling Myrna sa pintuan. Nagtatanong kung anong nangyari.

"Ano na naman ang problema mong hindot ka!" bulyaw ng kanyang amain sa labas.

Di ito binigyang pansin ni Kaye at sa halip ay pinaikot ang kanyang tingin sa paligid. Sa inaanay na coco lumber na pundasyon ng pinagtagpi-tagping yero. Sa poster n'ya ng BTS na nakapaskil sa hollow blocks na dingding. Sa krus na naiwang natatakpan ng bimpo.

Muling nag-ring ang kanyang cellphone, tila ba'y nauuhaw at nasasabik muli sa kanyang serbisyong hatid.

Unti-unting lumiit ang kanyang mundo sa loob ng parisukat na silid. Kasabay ng paglaho sa ere ng halimuyak ng mga halaman sa paanan ni Santa Marta sa labas.